
5

# Edukasyong Pantahanan at Pangkabuhayan

## Agrikultura – Modyul 8: "Kita Mo, Kwenta Mo!"



ALTERNATIVE DELIVERY MODE
ADM

PAG-AARI NG PAMAHALAAN
HINDI IPINAGBIBILI

**Edukasyong Pantahanan at Pangkabuhayan – Ikalimang Baitang**
**Alternative Delivery Mode**
**Agrikultura – Modyul 8: "Kita Mo, Kwenta Mo!"**
**Unang Edisyon, 2020**

Isinasaad sa Batas Republika 8293, Seksiyon 176 na: Hindi maaaring magkaroon ng karapatang-sipi sa anomang akda ang Pamahalaan ng Pilipinas. Gayonpaman, kailangan muna ang pahintulot ng ahensiya o tanggapan ng pamahalaan na naghanda ng akda kung ito ay pagkakakitaan. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang pagtakda ng kaukulang bayad.

Ang mga akda (kuwento, seleksiyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o brand name, tatak o trademark, palabas sa telebisiyon, pelikula, atbp.) na ginamit sa modyul na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahintulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga tagapaglathala at mga may-akda ang karapatang-aring iyon. Ang anomang gamit maliban sa modyul na ito ay kinakailangan ng pahintulot mula sa mga orihinal na may-akda ng mga ito.

Walang anomang parte ng materyales na ito ang maaaring kopyahin o ilimbag sa anomang paraan nang walang pahintulot sa Kagawaran.

Inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon
Kalihim: Leonor Magtolis Briones
Pangalawang Kalihim: Diosdado M. San Antonio

**Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul**

**Manunulat:** Avelino O. Jamin
**Editor:** Wilma S. Carreon
**Tagasuri:** Medarlou A. Genoguin, Gary B. Mosquito
**Tagalapat:** Eugene S. Ignacio
**Tagapamahala:**
Ramir B. Uytico
Arnulfo M. Balane
Rosemarie M. Guino
Joy B. Bihag
Ryan R. Tiu
Judella R. Lumpas
Margarito A. Cadayona, Jr.
Jose B. Mondido
Francisco L. Bayon-on, Jr.
Amer L. Santolorin
Medarlou A. Genoguin

**Inilimbag sa Pilipinas ng** ________________________

**Department of Education – Regional No. VIII**

Office Address: Government Center, Cadahug, Palo, Leyte
Telefax: 053 – 323-3156
E-mail Address: region8@deped.gov.ph

5

# Edukasyong Pantahanan at Pangkabuhayan

## Agrikultura – Modyul 8:
## “Kita Mo, Kwenta Mo!”

DepED
DEPARTMENT OF EDUCATION

# Paunang Salita

Para sa tagapagdaloy:

Malugod na pagtanggap sa asignaturang **E.P.P. - Ikalimang Baitang** ng Alternative Delivery Mode (ADM) Modyul para sa Araling **Agrikultura – Kita Mo, Kuwenta Mo!**

Ang modyul na ito ay pinagtulungang dinisenyo, nilinang at sinuri ng mga edukador mula sa pambuliko at pampribadong institusyon upang gabayan ka, ang gurong tagapagdaloy upang matulungang makamit ng mag-aaral ang pamantayang itinakda ng Kurikulum ng K to12 habang kanilang pinanagumpayan ang pansarili, panlipunan at pang-ekonomikong hamon sa pag-aaral.

Ang tulong-aral na ito ay umaasang makauugnay ang mag-aaral sa mapatnubay at malayang pagkatuto na mga gawain ayon sa kanilang kakayahan, bilis at oras. Naglalayon din itong matulungan ang mag-aaral upang makamit ang mga kasanayang pan-21 siglo habang isinasaalang-alang ang kanilang mga pangangailangan at kalagayan.

Bilang tagapagdaloy, inaasahang bibigyan mo ng paunang kaalaman ang mag-aaral kung paano gamitin ang modyul na ito. Kinakailangan ding subaybayan at itala ang pag-unlad nila habang hinahayaan silang pamahalaan ang kanilang sariling pagkatuto. Bukod dito, inaasahan mula sa iyo na higit pang hikayatin at gabayan ang mag-aaral habang isinasagawa ang mga gawaing nakapaloob sa modyul.

Para sa mag-aaral:

Malugod na pagtanggap Alternative Delivery Mode (ADM) Modyul ukol sa **Agrikultura – Kita Mo, Kuwenta Mo!**

Ang modyul na ito ay ginawa bilang tugon sa iyong pangangailangan. Layunin nitong matulungan ka sa iyong pag-aaral habang wala ka sa loob ng silid-aralan. Hangad din nitong madulutan ka ng mga makabuluhang oportunidad sa pagkatuto.

Ang modyul na ito ay may mga bahagi at icon na dapat mong maunawaan.

| | |
|---|---|
| ***Alamin*** | Sa bahaging ito, malalaman mo ang mga dapat mong matutuhan sa modyul. |
| ***Subukin*** | Sa pagsusulit na ito, makikita natin kung ano na ang kaalaman mo sa aralin ng modyul. Kung nakuha mo ang lahat ng tamang sagot (100%), maaari mong laktawan ang bahaging ito ng modyul. |
| ***Balikan*** | Ito ay maikling pagsasanay o balik-aral upang matulungan kang maiugnay ang kasalukuyang aralin sa naunang leksyon. |
| ***Tuklasin*** | Sa bahaging ito, ang bagong aralin ay ipakikilala sa iyo sa maraming paraan tulad ng isang kuwento, awitin, tula, pambukas na suliranin, gawain o isang sitwasyon. |
| ***Suriin*** | Sa seksyong ito, bibigyan ka ng maikling pagtalakay sa aralin. Layunin nitong matulungan kang maunawaan ang bagong konsepto at mga kasanayan. |
| ***Pagyamanin*** | Binubuo ito ng mga gawaing para sa malayang pagsasanay upang mapagtibay ang iyong pang-unawa at mga kasanayan sa paksa. Maaari mong iwasto ang mga sagot mo sa pagsasanay gamit ang susi sa pagwawasto sa huling bahagi ng modyul. |
| ***Isaisip*** | Naglalaman ito ng mga katanungan o pupunan ang patlang ng pangungusap o talata upang maproseso kung anong natutuhan mo mula sa aralin. |
| ***Isagawa*** | Ito ay naglalaman ng gawaing makatutulong sa iyo upang maisalin ang bagong kaalaman o kasanayan sa tunay na sitwasyon o realidad ng buhay. |

| | |
|---|---|
| ***Tayahin*** | Ito ay gawain na naglalayong matasa o masukat ang antas ng pagkatuto sa pagkamit ng natutuhang kompetensi. |
| ***Karagdagang Gawain*** | Sa bahaging ito, may ibibigay sa iyong panibagong gawain upang pagyamanin ang iyong kaalaman o kasanayan sa natutuhang aralin. |
| ***Susi sa Pagwawasto*** | Naglalaman ito ng mga tamang sagot sa lahat ng mga gawain sa modyul. |

Sa katapusan ng modyul na ito, makikita mo rin ang:

| | |
|---|---|
| ***Sanggunian*** | Ito ang talaan ng lahat ng pinagkuhanan sa paglikha o paglinang ng modyul na ito. |

Ang sumusunod ay mahahalagang paalala sa paggamit ng modyul na ito:

1. Gamitin ang modyul nang may pag-iingat. Huwag lalagyan ng anumang marka o sulat ang anumang bahagi ng modyul. Gumamit ng hiwalay na papel sa pagsagot sa mga pagsasanay.
2. Huwag kalimutang sagutin ang *Subukin* bago lumipat sa iba pang gawaing napapaloob sa modyul.
3. Basahing mabuti ang mga panuto bago gawin ang bawat pagsasanay.
4. Obserbahan ang katapatan at integridad sa pagsasagawa ng mga gawain at sa pagwawasto ng mga kasagutan.
5. Tapusin ang kasalukuyang gawain bago pumunta sa iba pang pagsasanay.
6. Pakibalik ang modyul na ito sa iyong guro o tagapagdaloy kung tapos nang sagutin lahat ng pagsasanay.

Kung sakaling ikaw ay mahirapang sagutin ang mga gawain sa modyul na ito, huwag mag-aalinlangang konsultahin ang inyong guro o tagapagdaloy. Maaari ka rin humingi ng tulong kay nanay o tatay, o sa nakatatanda mong kapatid o sino man sa iyong mga kasama sa bahay na mas nakatatanda sa iyo. Laging itanim sa iyong isipang hindi ka nag-iisa.

Umaasa kami, sa pamamagitan ng modyul na ito, makararanas ka ng makahulugang pagkatuto at makakakuha ka ng malalim na pang-unawa sa kaugnay na mga kompetensi. Kaya mo ito!

## Alamin

Sa murang edad ay pwede ng mag-alaga ng hayop at ito ay maaari mo nang mapagkakitaan. Dapat ay alam mo kung paano ang pagtutuos ng kita.

Matapos pag-aralan ang modyul na ito, inaasahang malalaman mo ang mga sumusunod:

- Ang pagtutuos ng puhunan, gastos, at kita.
- Paggawa ng talaan ng pagtutuos ng puhunan, gastos, at kita.
- Pagpapahalaga ng pagtutuos ng puhunan gastos at kita.

Ang modyul na ito ay nakatuon sa pagtutuos ng puhunan, gastos, at kita (EPP5AG-0j-18.3). Para sa paggamit ng modyul na ito, kakailanganin mo ang mga sumusunod:

1. Simulan ang pagbabasa at pag-unawa sa kalalabasan ng iyong pagkatuto.
2. Gagamitin kung ano ang iyong nalalaman.
3. Kailangang maipakita kung ano ang iyong natutuhan sa modyul na ito.
4. Sagutan ang katanungan para malaman kung gaano na kayo kagaling.

## *Subukin*

Basahin ang kuwento at subukang sagutin ang mga sumusunod na mga katanungan. Piliin ang titik ng tamang sagot at isulat sa inyong kuwaderno.

| |
|---|
| Si Aling Mina ay nag-alaga ng isang inahing baboy. Sa loob ng isang taon, nagkaroon ng labing limang biik ang kaniyang alagang inahing baboy. Ang kanyang mga biik ay naibenta niya ng tatlumpong libo, samantalang ang kanyang gastos ay umabot naman sa halagang dalawampu't limang libong piso kasama na sahod ng tagapag-alaga. |

1. Ilang buwan niyang inalagaan ang kaniyang inahing baboy hanggang magkabiik?
2. Magkano ang kanyang kabuuang kita sa alaga niyang biik?
3. Ilan ang kanyang kabuuang gastos?
4. Nagkaroon ba siya ng tubo sa pag-aalaga sa kanyang inahing baboy?
5. Magkano ang kanyang tinubo?

**MGA PAGPIPILIAN**

a. ₱5,000.00
b. Isang taon
c. ₱25,000
d. ₱30,000
e. Oo
f. ₱4,000

**Aralin 1**

# Kita Mo, Kwenta Mo!

Sa paghahayupan napakahalagang malaman ang mga paraan ng pagkwenta sa kabuuang puhunan, gastos at kita upang masubaybayan ang kahihinatnan nito. Ito ang nagiging sukatan kung gaano katagumpay ang isang negosyo tungkol sa pag-aalaga ng hayop. Maraming mga negosyante ang mas pinili ang larangan ng paghahayupan dahil sa laki ng kita at mabilis mapalago ang puhunan basta't maayos lamang ang paghawak at pamamalakad dito.

## *Balikan*

Sa nakaraang aralin ay napag-aralan mo ang mga iba't ibang paraan kung paano ibebenta ang mga inaalagaang hayop. Isa na rito ay ang tradisyunal *selling* o tuwirang pagbebenta sa pamilihan o palengke.

Para sa pagbabaliktanaw sa nakaraang aralin, maaaring sagutin ang sumusunod na pagsasanay.

**Panuto:** Basahin at unawain ang bawat pangungusap. Isulat ang **Tama** sa patlang kung ang pahayag ay wasto at isulat ang **Mali** kung di-wasto. Gawin ito sa inyong kuwaderno.

__________ 1. Ang uri ng manok na galing pa sa ibang bansa ay tinatawag na *Native Chichen* na pinaka *popular* dito sa atin.

__________ 2. Hindi madali ang pag-aalaga ng manok, ngunit ang mga ito ay maaring mapagkikitaan kapag inaalagaang mabuti at alam mo kung papaano mo sila ibebenta.

__________ 3. Kadalasan ang mga itik ay inaalagaan upang makapagbigay ng mga itlog.

__________ 4. Ang pugo o (*quail*) ay isang ibon na karaniwang inaalagaan para mangitlog at karaniwang nangingitlog ang mga inahin pagkaraan ng 25 araw.

__________ 5. Ang online tindahan ay ginagamitan ng *computer, phone* at malakas na koneksiyon sa *internet* para maisagawa ang pagbebenta.

# *Tuklasin*

Nakaranas na ba kayo na magbenta ng inyong alagang hayop tulad ng baboy, manok, baka, at iba pa? Ano ang dapat isaalang-alang sa pagtutuos ng puhunan gastos at kita?

Para subukin ang iyong paunang kaalaman ukol sa tatalakaying aralin, maaaring sagutin muna ang sumusunod na pagsasanay.

**Panuto:** Punan ang tsart sa ibaba ng mga tamang kasagutan batay sa mga datos na makikita sa pagbebenta ng baboy. Gawin ito sa kwaderno.

**GASTOS AT PANGANGAILANGAN**

| | | |
|---|---|---|
| Halaga sa 10 biik *(₱2,500/biik)* | - | ₱25,000 |
| Halaga sa pagkain *(0-5 buwan)* | - | ₱30,000 |
| Kulungan | - | ₱10,000 |
| Serbisyo o *labor* | - | ₱ 9,000 |
| **Kabuuang Puhunan** | **-** | **₱74,000** |

| Bilang ng baboy na ibinenta | Halaga bawat isa | Kabuuang Benta | Tubo |
|---|---|---|---|
| 1. | 2. ₱10,000 | 3. | 4. |

5. Paano mo kinuha ang kabuuang tubo ng 10 baboy na ibinenta mo ng halagang ₱10,000 bawat isa?

## *Suriin*

Upang masigurado na ikaw ay mayroon tutubuin sa paghahayupan, dapat may kakayahan kang alamin ang mga paraan sa pagtutuos ng mga naging puhunan mo, gastos sa kabuuang operasyon at ang pinakamahalaga sa lahat ay ang kikitain mo.

Sa pagtutuos ng puhunan at gastos, isinaalang-alang ang pinagkagastusan, ang napagbilhan at ang naipagbili. Balikan ang gabay ng halimbawang tala mula sa pinagbebentahan ng isda.

**PINAGKAGASTUSAN**

| | | |
|---|---|---|
| Halaga ng paggawa ng palaisdaan | - | ₱3,500 |
| Halaga ng panustos | - | ₱2,000 |
| Halaga ng semilya | - | ₱1,500 |
| Halaga ng serbisyo o *labor* | - | ₱1,000 |
| **KABUUANG GASTOS** | **-** | **₱8,000** |

50 kilos na isda at maipagbibili ng ₱200 kada kilo

| | | |
|---|---|---|
| Kabuuang Benta | : | ₱10,000 |
| Puhunan | : | - ₱8,000 |
| **Kita** | **:** | **₱ 2,000** |

*Pormula:*

Kabuuang Benta – Puhunan = Tubo

Sa kabuuan, hindi mahirap ang magnegosyo ng paghahayupan, dahil sigurado ang iyong kikitain kung alam mo ang paraan ng pagpapatakbo nito at paghawak ng mga gastusin hanggang sa ito ay makarating sa pamilihan at makwenta ang kabuuang kita o tubo.

Mahalagang maging maingat lamang sa paghawak ng pinansyal na aspeto dahil pwede itong maging sanhi sa pagbagsak ng iyong paghahayupan. Isaalang-alang ang regular na pagtingin sa mga gastusin at sundin ang tamang araw ng pagsasapamilihan nito upang hindi lumaki ang gastos at maiwasang masayang ang puhunan.

## *Pagyamanin*

Tuusin ang puhunan, gastos at kita sa inaalagaang hayop.

| **TALAAN NG GASTUSIN** | |
|---|---|
| • Halaga ng 15 biik | ₱30,000 |
| • Halaga ng pagkain | ₱20,000 |
| • Kulungan | ₱15,000 |
| • Medisina | ₱5,000 |
| • *labor*/tagapag-alaga | ₱10,000 |
| **Kabuuang Gastos** | **₱80,000** |

**Panuto:** Punan ang tsart sa ibaba ng mga tamang kasagutan batay sa mga datos na makikita sa pagbebenta ng baboy. Gawin ito sa kwaderno.

| Bilang ng baboy na ibinenta | Halaga bawat isa | Kabuuang Benta | Tubo |
|---|---|---|---|
| 1. | 2. ₱12,000 | 3. | 4. |

5. Kabuuang Benta -

Puhunan -

---

**Tubo -**

## *Isaisip*

Dapat nating tandaan at isaalang-alang ang pagtutuos ng puhunan gastos at kita o tubo. Mahalaga na itala ang lahat ng mga gastusin upang malaman kung nagkaroon ka ng tubo at masabing nagtagumpay ang iyong negosyo.

Para sa mga karagdagang gawain at kaalaman ukol sa modyul na ito, maaaring sagutin ang mga sumusunod na pagsasanay.

**Panuto:** Gamit ang pormula, buuin ang tsart sa pamamagitan ng paglalagay ng mga tamang datos mula sa kwento. Gawin ito sa kwaderno.

Si Mang Kanor ay bumili ng 20 biik sa halagang ₱2,000 bawat isa. Inilagay niya ito sa kanyang ipinagawang kulungan na nagkakahalaga ng ₱25,000. Sa loob lamang ng anim na buwan, gumastos siya ng ₱15,000 para sa pagkain nito. Kumuha si Mang Kanor ng dalawang tao na tagapag-alaga ng kanyang mga baboy na binayaran naman niya ng ₱2,000 bawat isa. Pagkaraan ng anim na buwan, naibenta ni Mang Kanor ang kanyang mga baboy sa halagang ₱12,500 bawat isa.

| Bilang ng baboy na ibinenta | Halaga bawat isa | Kabuuang Benta | Tubo |
|---|---|---|---|
| 1. | 2. | 3. | 4. |

## *Isagawa*

**Panuto:** Isulat ang **TAMA** kung sang-ayon ka at **MALI** kung di sang-ayon sa isinasaad sa pangungusap. Gawin ito sa inyong kuwaderno.

_________1. Di kailangang gumawa ng pagtutuos si Benjamin mula sa kanyang nagastos at kinita sapagkat alam niyang malaki ang kikitain sa pagbebenta ng baboy.

_________ 2. Si Jenny ay hindi malilimutin kaya di niya kailangang gumawa ng pagtutuos mula sa pamilihan.

_________ 3. Masasabing lugi ang isang tao kung mas malaki ang nagastos kaysa kinikita.

_________ 4. Si Kiel ay nakapagbenta ng halagang ₱9,300 mula sa karne ng baboy at ang nagastos lamang niya rito ay halagang ₱4,700. Si Kiel ay masasabing kumita mula sa kanyang pagsasapamilihan.

_________ 5. Si Noel ay gumastos ng ₱2,150 sa itlog na maalat na kanyang ibinebenta na binili niya direkta sa isanng tagapag-alaga ng itik. Sa maghapon niyang paglalako ay nakapagbenta siya ng halagang ₱2,880 at naubos ang lahat niyang paninda. Siya ay masasabing kumita sa kanyang pagbebenta.



## *Tayahin*

**Gawain 1**

Tuusin ang puhunan, ginatos at kita sa inaalagaang hayop.

1.

| **Talaan ng gastusin** | |
|---|---|
| • Halaga ng 15 biik | ₱25,000 |
| • Halaga ng pgkain | ₱15,000 |
| • Iba pang gastusin | ₱10,000 |
| **Kabuuang gastos** | **= ₱ ?** |

2. Benta ng 10 baboy (10,500.00/baboy) = ______________________________

3. Kabuuang gastos = ______________________________

4. Kabuuang Tubo o Kita = ______________________________

**Gawain 2**

**Panuto:** Basahin at unawain ang bawat pangungusap. Isulat ang **Tama** sa patlang kung ang pahayag ay wasto at **Mali** kung hindi. Gawin ito sa inyong kuwaderno.

______ 1. Makukuha ang kabuuang kita sa paghahayupan kung malalaman mo ang bilang, halaga, benta at tubo ng mga hayop na sinapamilihan.

______ 2. Mahalagang isaalang-alang ang kaalaman sa paghawak ng pinansyal na aspeto sa pag-aalaga ng mga hayop.

______ 3. Iwasang itala ang lahat ng mga gastusin sa paghahayupan upang hindi mo makita ang laki ng puhunang inilabas o ginamit.

______ 4. Ibenta na lang sa murang halaga ang mga hayop kahit walang tubo upang hindi ito makasagabal sa iyong oras.

______ 5. Tingnang mabuti ang kabuuang gastos o puhunan sa pag-aalaga ng hayop bago magbigay ng presyo upang masigurado ang kikitain dito.

## *Karagdagang Gawain*

Sa tulong ng mga magulang o nakatatanda, pumunta sa mga may-ari ng babuyan o *poultry* upang magtanong kung paano nila natutuos ang puhunan, gastos at kita. Kung maaari ay manghingi ng talaan tungkol sa pagtutuos ng puhunan, gastos at kita. Huwag kalimutang mag-suot ng *face mask* at mag *observe* ng *social distancing.*

# Susi sa Pagwawasto

**SUBUKIN:**

1. B
2. D
3. C
4. E
5. F

**BALIKAN:**

1. Mali
2. Tama
3. Tama
4. Mali
5. Tama

**TUKLASIN:**

1. 10
2. P10,000.00
3. P100,000.00
4. P26,000.00
5. Kabuuang Benta
   \- Puhunan
   Kita / Tubo

**PAGYAMANIN:**

1. 15
2. P12,000.00
3. P180,000.00
4. P100,000.00
5. P180,000 – P80,000 = P100,000.00

**ISAISIP:**

1. 20
2. P12,500.00
3. P250,000.00
4. P146,000.00

**ISAGAWA:**

1. Mali
2. Mali
3. Tama
4. Tama
5. Tama

**TAYAHIN:**

**Gawain 1**

1. P50,000.00
2. P105,000.00
3. P50,000.00
4. P55,000.00

**Gawain 2**

1. Tama
2. Tama
3. Mali
4. Mali
5.Tama

# *Sanggunian*

Perlita, Gloria A., Arsenue, Ruth A., Ipolan, Catalina R., Quimbo, Yolanda L.,

De Guzman Jeffrey D. EdD, *Kaalaman at Kasayan Tungo sa Kaunlaran Batayang Aklat sa Grade 5 p 29,52.*

*Curriculum Guide* in Edukasyong Pantahanan at Pangkabuhayan 5, EPP5IE-Oj-18 p.21 of 45

**Para sa mga katanungan o puna, sumulat o tumawag sa:**

Department of Education - Bureau of Learning Resources (DepEd-BLR)

Ground Floor, Bonifacio Bldg., DepEd Complex
Meralco Avenue, Pasig City, Philippines 1600

Telefax: (632) 8634-1072; 8634-1054; 8631-4985

Email Address: blr.lrqad@deped.gov.ph * blr.lrpd@deped.gov.ph